# Kung Alam N'yo Lang

*Mga kuwentong pambata*
*para sa mga hindi na bata*

Ricky Lee

*Guhit nina*
KENIKENKEN
DIIGII DAGUNA
JETHER AMAR
IVAN REVERENTE

PHILIPPINE WRITERS STUDIO FOUNDATION, INC.

# INTRODUKSYON

Mahirap magsulat, pero mas mahirap ang hindi magsulat.

Ito ang lagi kong sagot sa mga nagtatanong kung bakit pagkatapos ng maraming dekada ay hindi pa rin ako napapagod magsulat.

Kaya eto, magtatangka na naman akong magsulat ng hindi ko pa nasusubukan. Sa pagkakataong ito ay mga kuwentong pambata naman.

Sa komiks ako lumaki, hindi sa mga kuwentong pambata. Ang totoo, halos wala akong nabasang mga kuwentong pambata noong bata pa ako.

Ito siguro ang dahilan kaya matapos kong masulat ang mga kuwento sa koleksyong ito ay na-realize ko na hindi pala sila pambata.

Pero ano ba ang pambata, at ano ang pangmatanda? May mga bata sa loob nating matatanda. At kapag tiningnan mo

namang mabuti sa mga mata nila ang mga bata, minsan ay makikita mo kung magiging ano sila sa kanilang pagtanda.

Namatay ang mga magulang ko noong kasing-edad lang ako ng mga pangunahing tauhan sa koleksyong ito. Iniaalay ko sa kanila ang librong ito. Iniaalay ko rin ito kay Kiko, ang anak ko na dumating naman sa buhay ko noong kasing-edad pa lang din siya ng mga tauhan sa mga kuwentong ito.

*Bilang pagpapakilala sa sarili ay sumubok ako ng ngayon ko lang ginawa—ang magdrowing.*



## ANG MGA KUWENTO

Ang Nawawalang Diyos

*Guhit ni Kenikenken*

1

Ang Sayaw ng mga Letra

*Guhit ni Diigii Daguna*

71

Si Inggo at ang Santo Kuwatro

*Guhit ni Jether Amar*

125

Nang Mapagod Si Kamatayan

*Guhit ni Ivan Reverente*

193